## SO WHAT

- Paano natuklasan ni Pablo ang sikreto ng pagiging kuntento sa bawat kalagayan natin sa buhay?
- Kumbinsido ka ba na hangad ng Diyos na biyayaan ka at pasaganahin (Salmo 35:27; Galacia 3:7-9)?
- Masasabi mo ba na palabigay na tao ka? Kung hindi, ano ang pumipigil sa iyo upang maging palabigay sa kapwa?

## NOW WHAT

- Anong mga pangyayari ang sumisira ng iyong pagiging kuntento? Paano mo kakaharapin ang mga ito?
- Naniniwala ka ba na kapag ikaw ay nagbigay ng iyong mga ikapu at alay sa Diyos, ikaw ay makararanas ng pagpapala at kasaganahan mula sa Diyos (Malakias 3:8-12)? Kung hindi, maaari mong subukang maniwala sa Salita ng Diyos upang makita mo ang pangako ng Diyos at nang ang Kanyang kasaganahan ay matupad sa iyong buhay.
- Maliban sa pagbibigay sa Diyos, mayroon ka bang ibang kaparaanan na nagiging daluyan ng pagpapala ng Diyos na ipinagkatiwala sa iyo?

# PRAYER

- Ipanalangin na ang Diyos ay bigyan ka ng espiritu ng pagiging kuntento sa anumang mayroon ka sa ngayon.
- Ipanalangin ang mga mahihirap at may mga pangangailangan at planuhin kung paano ka magiging instrumento ng pagpapala sa kanila.
- Hilingin sa Diyos sa linggong ito ang iyong mga pangangailangan sa pamamagitan ng panalangin na may kasunduan (Mateo 18:19,20; 21:21,22).

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 5 **FILIPINO**

# Biyaya kay Kristo




## NOTES

# CONNECT

- Ano ang pinakahuling biyayang natanggap mo mula sa Panginoon? Maikling isalaysay ang iyong kwento.
- Kung hindi isyu ang pera, ano ang pinaka-ambisyon mo o nais maabot sa buhay?
- Kung ikaw ay milyonaryong-milyonaryo, ano ang mga makabuluhang bagay ang nais mong suportahan? Bakit?

**WORD**

*[17]Sinasabi ko ito, hindi dahil gusto kong makatanggap ulit ng tulong mula sa inyo kundi dahil gusto kong makatanggap kayo ng mga gantimpala dahil sa kagandahang-loob n'yo. [18]Ngayon, dahil sa tulong na ipinadala n'yo sa akin sa pamamagitan ni Epafroditus, natugunan na ang mga pangangailangan ko at sobra pa nga. Ang tulong ninyo ay tulad ng mabangong handog sa Diyos na tinatanggap niya nang may kasiyahan. [19]At dahil kayo'y nakay Kristo Jesus, ibibigay sa inyo ng aking Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo, mula sa kasaganaan ng kayamanan niya.* FILIPOS 4:17-19

**WHAT**

Ang iglesiya sa Filipos ay nakapareha ni Pablo at nakasama sa kanyang pagmiministeryo (Filipos 1:5) sa paglalaan ng mga materyal na pangangailangan upang maipahayag niya ng lubos ang ebanghelyo sa iba't ibang lugar (Filipos 4:14-18). Ito na rin ang dahilan kung bakit buong tiwalang sinasabi ni Pablo na ang Diyos ay kayang pangalagaan ang lahat ng kanilang mga pangangailangan sa magagandang mga biyaya na galing kay Jesu-Kristo. Papaano ba tutugunan ng Diyos ang lahat ng ating mga pangangailangan?

## 1 Matutunang maging kuntento kung ano ang mayroon tayo.

*Marunong akong mamuhay sa hirap o ginhawa. Natutunan ko na ang lahat ng ito, kaya maging anuman ang kalagayan ko, busog man o gutom, sagana o salat, kontento pa rin ako.* FILIPOS 4:12

Ang kawalan ng kuntento ay paglabag sa ika-sampung utos ng Diyos na may kinalaman sa pag-angkin sa pag-aari ng iba. Mayroon tayong mga bagay na nais ng Diyos o mga pag-aari na kayang ipagkatiwala sa atin (lalu na pagdating sa pera o katanyagan ) na labis na sa kalooban ng Diyos para sa atin. Kung mayroon tayong pagkain at kasuotan, dapat kontento na tayo (1 Timoteo 6:8). Kung mayroon tayo pagkain araw-araw, ano pa ba ang kakailanganin natin?

## 2 Magpasya na magbigay sa Diyos at sa tao ng Diyos.

*[15]Alam naman ninyong mga taga-Filipos na noong umalis ako sa Macedonia at nagsisimula pa lang sa pangangaral ng Magandang Balita, walang ibang iglesya na tumulong sa mga pangangailangan ko kundi kayo lang. [16]Kahit na noong nasa Tesalonica ako, ilang ulit din kayong nagpadala ng tulong sa akin.* FILIPOS 4:15,16

Nang sinimulan ni Pablo ang pagpapahayag ng Mabuting Balita sa mga taga-Macedonia, ang iglesiya sa Filipos ang tanging iglesiya na kanyang nakasama sa pamamagitan ng pagtugon nila sa kanyang mga pangangailangan. Nauunawaan ng simbahan na sa kanilang pagbibigay sa gawain sa pagmiministeryo, sila ay nagbibigay sa Diyos at iyan na rin ang dahilan kung bakit si Pablo ay nais niyang sila ay tumanggap ng biyaya mula sa pagbibigay (Lucas 6:38; 2 Corinto 9:6-11; Kawikaan 11:24,25). Papaano tayo makapagbibigay sa Diyos at sa simbahan?

## 3 Hingin sa Diyos na maglaan sa ating mga pangangailangan.

*At dahil kayo'y nakay Kristo Jesus, ibibigay sa inyo ng aking Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo, mula sa kasaganaan ng kayamanan niya.* FILIPOS 4:19

Kung ating susundin ang halimbawa ng mananampalataya sa Filipos na masaganang nagbibigay sa pagmiministeryo ni Pablo sa pagpapalaganap ng ebanghelyo, tiniyak ni Apostol Pablo na ang Diyos mismo ang maglalaan ng ating mga pangangailangan ayon sa luwalhating yaman na na kay Kristo at hindi ayon sa ating mga sweldo o kakayahan upang kumita. Kinakailangan lamang nating hilingin sa Diyos ang mga kailangan natin (Marcos 11:24; Juan 16:23,24; Salmo 34:8-10; 84:11). Papaano natin hihilingin ang mga pangangailangan natin ngayon?